
Chapter 5 # Edukasyon






## 1 Sistema ng Edukasyon sa Japan

Tinatawag na “6-3-3-4 year system” ang kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Japan, na binubuo ng 6 na taon sa elementary school, 3 taon sa junior high school, 3 taon sa haiskul at 4 taon sa unibersidad. Compulsory ang pagpasok sa elementary at junior high school. Bago pumasok sa elementary school, mayroong mga preschool at kindergarten.

Organisasyon ng Sistema ng Paaralan sa Japan.




(tandaan)
(1) Ang mga gray na seksyon ay Sapilitang edukasyon.
(2) *nagsasaad ng mga advanced na kurso
(3) Ang mga mataas na paaralang sekondarya, ang mataas na dibisyon ng Mga Paaralan ng Sekondaryang Edukasyon, mga unibersidad, mga junior na kolehiyo, at ang mataas na sekondaryang departamento ng mga paaralan para sa Espesyal na Pangangailangan ng Edukasyon ay maaaring magkaroon ng magkakahiwalay na mga kurso na may mga takdang panahon ng kurso ng taon o higit pa.
(4) Ang isang batang may edad mula 0 hanggang 2 taong gulang ay maaaring dumalo sa Centers for Early Childhood Education and Care dahil ito ay gumaganap bilang paaralan pati na rin ang child welfare institution.
(5) Ang edad at mga kinakailangan sa pagpasok para sa Mga Pangkalahatang Kurso sa Kolehiyo ng Espesyalisadong Pagsasanay at Mga Miscellaneous na Paaralan ay hindi pantay na tinukoy.

## 1-1 Elementary at junior high school

### Pag-eenrol sa public elementary school at junior high school

- May obligasyon ang mga magulang na Hapong ipasok sa elementary school at junior high school ang mga anak nilang may edad na 6 - 15 taong gulang.
- Para sa mga dayuhang nakatira sa Japan, puwedeng tanggapin sa elementary school at junior high school atbp. ang mga anak nila. Libre ang matrikula at mga tekstbuk.
- Sabihin ninyo sa ward office o city hall ninyo na gusto ninyong ipasok sa Japanese public school ang anak ninyo.
- Pumunta kayo sa itinalagang eskuwelahan, na dala ang mga kinakailangang papeles at ang “Enrollment Permit for International Students” na iiisyu ng ward office o city hall ninyo.
- Sa Japan, bukod sa elementary school at junior high school, may mga eskuwelahan ding nagbibigay ng compulsory education mula grade 1 - 9 at special school para sa mga batang may kapansanang pisikal/mental.

  (Tingnan ninyo ang 1-4 tungkol sa Night Junior School.))

## 1-2 Haiskul

- Ang haiskul ay para sa mga nagtapos ng junior high school at gustong magpatuloy ng pag-aaral. Para makapasok sa haiskul, kailangang kumuha ng entrance test at pumasa nito, bilang patakaran.
- Depende sa eskuwelahan, may mga day school, night school at correspondence course.
- Para sa mga nagtapos ng haiskul, puwede kayong mag-apply sa unibersidad.

## 1-3 International school

- Bukod sa elementary school, junior high school at haiskul, mayroon ding mga eskuwelahan para sa mga dayuhang estudyante. At tinatawag na “international school” ang mga pasilidad na naglalayong magbigay ng edukasyon sa mga dayuhang bata lamang.
- May iba’t ibang kultura, ethnicity, wika, curriculum at post-graduate ang bawat eskuwelahan, kaya kailangan ninyong piliin ang pinakaangkop para sa anak ninyo. (Pakitsek ninyo ang mga kinakailangan ng mga nagtapos sa international school sa Japan, para sa pagpasok sa unibersidad, na makikita sa 1-7 Higher educational institutes (unibersidad at iba pa).

Dito ang website para sa mga may kaugnayan sa international school

https://www.mext.go.jp/a_menu/kokusai/gaikoku/index.htm

## 1-4 Panggabing junior high school

- Sa Japan, may mga night junior high school para sa mga hindi nakatapos ng compulsory education sa Japan o sa sarili nilang bansa.
- 17 prefecture sa Japan ang may 44 night junior high school (mula Abril 2023) at tinatanggap nila ang mga hindi nakatapos ng junior high school, sa anumang dahilan.
- Kung nais mong mag-enroll sa isang panggabing junior high school, kumunsulta muna sa board of education ng iyong munisipyo.

**Ministry of Education "Para sa mga gustong mag-aral sa night junior high school"**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/yakan/index_00005.html

**Tingnan ang "Evening Classes at Junior High Schools PR Materials" ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology para mapanood ang mga video na nagpapakita ng mga klase.**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/yakan/index_00004.htm

## 1-5 Test para sa pagbibigay ng junior high school graduation certificate

- Puwedeng kumuha ng test na ito ang mga hindi pa nakakatapos ng junior high school.
- Ginaganap ang test na ito 1 beses sa isang taon.
- Kapag pumasa kayo sa test na ito, puwede kayong kumuha ng entrance exam para sa haiskul sa Japan.

## 1-6 Test para sa pagbibigay ng high school graduation certificate

- Puwedeng kumuha ng test na ito ang mga hindi pa nakakatapos ng haiskul
- Ginaganap ang test na ito 2 beses sa isang taon.
- Kapag pumasa kayo sa test na ito, puwede kayong:

i. Kumuha ng entrance exam sa unibersidad, junior college o technical school sa Japan.

ii. Para sa mga nagtapos ng haiskul, puwede kayong kumuha ng test para magtrabaho o para sa ibang qualification.

**Pangkalahatang idea (Ingles)**


https://www.mext.go.jp/a_menu/koutou/shiken/mext_01319.html

# 1-7 Mga institusyon ng higher education (unibersidad, kolehiyo, atbp.)

## Pagpasok sa unibersidad o kolehiyo

- Puwedeng mag-apply ang mga nagtapos sa haiskul, middle school o accredited international school (http://www.mext.go.jp/a_menu/koutou/shikaku/07111314/003.htm) sa mga sumusunod:

  i. Unibersidad
  ii. Specialist vocational university
  iii. Junior college
  iv. Specialist vocational junior college
  v. Vocational school at iba pa



- Puwede ring mag-apply sa mga educational institute na nabanggit sa itaas ang mga nakakuha ng mga sumusunod na certificate:

  i. International Baccalaureate
  ii. Abitur
  iii. Baccalaureate
  iv. General Certificate of Education, Advanced Level

  (Listahan ng mga accredited international Baccalaureate school sa Japan: https://ibconsortium.mext.go.jp/ib-japan/authorization/)

- Puwede ring mag-apply sa mga educational institute na nabanggit sa itaas ang mga nakatapos ng 12 taong pag-aaral at nakatapos sa educational institute na inaprubahan ng isa sa mga sumusunod na grupo:

  i. WASC (The Western Association of Schools and Colleges)
  ii. CIS (Council of International Schools)
  iii. ACSI (Association of Christian Schools International)
  iv. NEASC (New England Association of Schools and Colleges)

## Iba pang institusyon para sa higher education

- May iba pang mga institusyon para sa higher education sa Japan tulad ng mga sumusunod at may kanya-kanyang requirement para pumasok sa mga ito:

  i. Graduate school para sa mga postgraduate
  ii. Specialist vocational university para sa mga postgraduate
  iii. College of technology para sa mga nakatapos ng junior high school

## 1-8 Entrance examination para sa mga institusyon ng higher education

- Para makapasok sa isang institusyon ng higher education, kailangan kayong kumuha at makapasa sa entrance exam o sa screening ng mga dokumento.
- May ibang institute na nagbibigay ng espesyal na screening para sa mga dayuhan.
- Para sa mga international student, may Examination for Japanese University Admission of International Students (EJU) na pinamamahalaan ng Japan Student Services Organization, na ginagamit ng maraming kolehiyo at universidad bilang sanggunian para sa espesyal na screening.

Dito ang website para sa mga dayuhan

https://www.jasso.go.jp/en/ryugaku/eju/index.html

# 2 Pinansyal na Tulong sa Pag-aaral


## 2-1 Pinansyal na tulong para sa estudyante ng elementary school

- Puwedeng makakuha ng partial na suporta para sa mga gamit sa eskuwelahan (bag, mga kagamitan sa pagsulat, uniform) at sa tanghalian sa eskuwelahan.
- Puwedeng mag-apply sa tulong na ito ang magulang ng mga batang pumapasok sa elementary at junior high school, na mababa ang suweldo.
- Iba-iba ang mga kailangan sa pag-aapply para dito at ang halaga ng tulong, depende sa ward office o city hall ninyo.

**Para sa mga nais pang malaman tungkol sa sistema**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/career/05010502/017.htm

## 2-2 Pinansyal na tulong para sa estudyante ng haiskul



- Kapag wala pang 9,100,000 yen ang taunang suweldo ng magulang ng bata, puwede siyang tumanggap ng suporta para sa matrikula sa eskuwelahan.
- Para sa mga batang pumapasok sa public high school, puwede silang tumanggap ng pinansyal na suportang katumbas ng kanilang matrikula.
- Para sa mga batang pumapasok sa private high school, nag-iiba ang halaga ng suporta sa kanila, depende sa kinikita ng magulang.
- Kailangang mag-apply para makakuha ng suporta.
- May mga detalye kayong makukuha mula sa pinapasukang eskuwelahan ng bata.

**Para sa mga nais pang malaman tungkol sa sistema**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/1342674.htm

**Dito ang para sa mga gustong bumasa sa wikang Ingles:**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/20220329-mxt_kouhou02-2.pdf

Chapter 1 Chapter 2 Chapter 3 Chapter 4 Chapter 5 Chapter 6 Chapter 7 Chapter 8 Chapter 9 Chapter 10 Chapter 11 Chapter 12

## 2-3 Scholarship para sa estudyante ng haiskul

- Kapag mababa ang suweldo ng magulang ng estudyante, puwede siyang tumanggap ng pinansyal na tulong na magamit hindi para sa tuition kundi para ipambili ng mga libro at gamit sa eskuwelahan.
- iba-iba ang halagang matatanggap, depende sa uri ng eskuwelahan.
- May mga detalye kayong makukuha mula sa eskuwelahang pinapasukan ng bata o mula sa ward office o city hall ninyo.

**Para sa mga nais pang malaman tungkol sa sistema**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/1344089.htm

**Dito ang para sa mga gustong bumasa sa wikang Ingles:**

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/20230317-mxt_kouhou02-2.pdf

## 2-4 Scholarship para sa estudyante ng undergraduate at postgraduate

- Nagbibigay ng scholarship ang national government ng Japan, mga lokal na gobyerno at asosasyon, at mga private foundation.
- May dalawang klase ng scholarship mula sa national government:




i. Grant type: hindi ito kailangang bayarang pabalik
ii. Student loan type: kailangang bayaran ito pabalik

* May dalawang klase ng student loan type na scholarship, may interes sa loan ang iba, at ang iba naman ay wala.

- Puwedeng makakuha ng scholarship na ibinibigay ng gobyerno ng Japan ang mga sumusunod na dayuhang mag-aaral sa unibersidad, na may sumusunod na visa:

i. Special permanent resident
ii. Permanent resident
iii. Asawa o anak ng Hapon
iv. Asawa o anak ng permanent resident
v. Long-term resident (mga gustong manirahan sa Japan nang permanente)



- Mayroon ding ibinibigay na grant type na scholarship sa mga may visa na “student” at nakapasa sa mga requirement ng eskuwelahan.


**Dito ang website para sa mga dayuhan**

https://www.jasso.go.jp/en/ryugaku/scholarship_j/shoreihi/index.html

# 3 Pag-aaral ng Japanese

Kapag marunong kayong mag-Japanese, magiging madali ang pamumuhay ninyo sa Japan. Magkakaroon kayo ng maraming kakilala at kaibigan, at puwede silang tumulong sa inyo. At puwede rin ninyong matupad ang pangarap ninyo.

Kaya, para puwede kayong mamuhay nang ayon sa gusto ninyo, ipagpatuloy ninyo ang pag-aaral ng Japanese.




## 3-1 Tungkol sa Japanese

- May limang klase ng pagsusulat (character) sa Japanese: Hiragana, Katakana, Kanji, Roman alphabet at Arabic numeral. May 46 character at mga character na maliliit ang pagsusulat (4 character sa Hiragana at 9 character sa Katakana) ang Hiragana at Katakana, at. ginagamit din ang mga simbolong ゛ at ゜ ー.
- Mahalagang matuto kayo ng Kanji. May mga mahihirap na Kanji, kaya magsimula kayo sa pag-aaral ng mga madaling Kanji.
- Madalas gamitin ang Roman alphabet para magtype ng mail o SNS. ng text o email sa computer.
- Kapag nakatira kayo sa Japan, mahalaga ring alam ninyo ang pangalan ng mga lugar at kalye (pagbigkas at mga character na nakasulat tulad ng Kanji). May mga dialect rin ang iba-ibang lugar sa Japan, at mahalaga ito sa pamumuhay ninyo sa inyong komunidad. Mabuting matuto kayo ng mga dialect na ito sa mga klase ng Japanese sa inyong lugar at sa pakikipag-usap sa mga tao roon.
- Bukod pa dito, may mga magagalang na pagsasalita sa Japanese. Mabuting magamit ninyo ang magalang na Japanese ayon sa inyong mga kausap.

## 3-2 Balangkas ng sanggunian para sa pag-aaral ng Japanese

- Ginawa ang “Balangkas ng sanggunian para sa pag-aaral ng Japanese” noong taong 2021 matapos sumangguni sa CEFR (Common European Framework of Reference for Languages) upang mas madali kayong makapag-aral ng Japanese.
- Ipinapakita nito ang mga nilalaman ng pag-aaral at mga layunin ng aksyon ayon sa anim na level ng Japanese (A1 hanggang C2) at ayon sa mga kakayanan ng Japanese (“pakikinig”, “pagbabasa”, “pagsasalita (pag-uusap)”, “pagsasalita (pagpapahayag)”, “pagsusulat”).

  * Mangyaring tingnan ang level ng inyong Japanese at gawin itong sanggunian upang makapag-aral patungo sa susunod na layunin.
- Kasama sa mga sangguniang ginawa namin at ginawang available ang "Seikatsu Can Do," isang reference framework, at ang "Nihongo Check!," isang self-assessment tool para sa wikang Japanese.

Reference Framework for Japanese Language Education, guide, Seikatsu Can Do, at marami pa

https://www.nihongo-ews.bunka.go.jp/infomation/framework_of_reference

| | |
|---|---|
| C2 | Madaling makaunawa sa haos lahat ng narinig at nabasa. Maaaring magpahayag ng sarili nang natural, mahusay at wasto, at maaaring ihayag ang maliliit na kaibhan ng mga kahulugan at pagkakaiba nito kahit sa napakakomplikadong kalagayan. |
| C1 | Makakaunawa sa medyo mahabang mga iba't ibang mahihirap na teksto at makakaintindi sa implikasyon nito. Maaaring magpahayag ng sarili nang natural at mahusay nang hindi nagbibigay ng impresyon na naghahanap ka ng mga salita. Makakagamit ang mga salita na nababagay sa mga pangyayari at epektibo na naayon sa mga layuning panlipunan, pang-akademiko at pangpropesyon. |
| B2 | Makakaunawa sa pangunahing nilalaman ng mga komplikadong tekstong may abstrakto at kongkretong paksa kabilang ang mga teknikal na talakayan sa sariling larangan ng kadalubhasaan. Mahusay at natural upang makapag-usap kasama ng mahusay na nagsasalita ng Japanese nang hindi kinakabahan sa isa't isa. |
| B1 | Makakaunawa sa pangunahing punto tungkol sa mga pamilyar na paksa tulad ng trabaho, paaralan o libangan kapag ito ay sa karaniwang wika. Tungkol sa mga paksang pamilyar at may personal na interes, makakabuo ng mga tekstong may konteksto na pinagsama-sama sa simpleng paraan. |
| A2 | Makakaunawa sa mga karaniwang ginagamit na pangungusap at pagpapahayag na nauugnay sa mga larangan na may direktang kaugnayan tulad ng pangunahing impormasyon ng sarili o ng pamilya , pamimili, kapitbahay, trabaho atbp. Maaaring makipagpalitan ng impormasyon tungkol sa pamilyar at pang-araw-araw na usapin kapag ito ay simple at pang-araw-araw na talakayin. |
| A1 | Maaaring maunawaan at magamit ang mga karaniwang ginagamit na pang-araw-araw na ekspresyon at pangunahing paraan ng pagsasalita. Maaaring makipagpalitan ng mga salita kung tinutulungan ka ng kausap na nagsasalita nang mabagal at malinaw. |

* Mangyaring tingnan ang level ng inyong Japanese at gawin itong sanggunian upang makapag-aral patungo sa susunod na layunin.

## 3-3 Lugar kung saan mag-aaral ng Japanese

Sa pag-aaral ng Japanese, hindi lang kayo matututo ng wika, kundi puwede kayong makipagpalitan ng impormasyon at magkaroon ng mga kaibigan. Maghanap kayo ng Japanese language school o klase ng Japanese na malapit sa inyo.

Ngayong panahong ito, dumadami na ang mga nag-aaral ng Japanese sa pamamagitan ng Skype o e-learning. Tingnan ninyo ang mabuting paraan ng pag-aaral para sa inyo.

### (1) Mga Japanese language school

- May mga kursong ang layunin ay para maghanda sa eskuwelahan, para sa trabaho o para maghanda sa examination.
- Puwedeng mag-aral mula sa level ng beginner hanggang sa advanced.
- Puwede rin kayong mamili kung gusto ninyo ng klase o pribadong leksiyon.
- Kailangan kayong magbayad para sa mga klaseng ito.

## (2) Mga lokal na klase ng Japanese

- Inoorganisa ng mga local government, international organization o non-profit organization (NPO) ang mga klase ng wikang Japanese.
- Ginagawa ang mga klase sa community center, eskuwelahan, simbahan o volunteer center.
- Volunteer ang karamihan sa mga nagtuturo dito.
- Walang bayad ang ibang mga klase. Mas mura ito kaysa sa mag-aral sa Japanese language school.
- Karaniwan, may klase ng 1 o 2 beses sa isang linggo, at ang isang klase ay tumatagal ng isa hanggang dalawang oras.

Dito ang listahan ng mga klase ng wikang Japanese na inoorganisa ng departameno ng namamahala sa Edukasyon ng wikang Japanese sa bawat rehiyon

https://www.bunka.go.jp/seisaku/kokugo_nihongo/kyoiku/nihongokyoiku_tanto/pdf/93036701_01.pdf

* Pakitsek ninyo ang mga sumusunod kapag naghanap kayo ng klase ng Japanese:

(1) Pangalan ng klase (2) Ang organizer (3) Lugar (4) Numerong kokontakin (5) Paano ang pagkontak (6) Ginagamit na wika sa klase (7) Gaano katagal ang kurso (8) Ilang beses ang buong kurso (9) Araw at oras (10) Mga kailangan para makapasok (11) Halaga ng kurso (12) Uri ng klase (kung grupo o private) (13) Gaano karami ang estudyante (14) Level ng klase (15) Sino ang magtuturo (16) Ano ang mga pag-aaralan (17) Kung may parking, may mag-aalaga ng bata habang nasa klase kayo, at iba pa.

## (3) Mga klase sa online at distance learning

Puwede kayong mag-aral ng Japanese online na gamit ang SNS o e-learning, kung masyado kayong bisi para pumunta sa language school. Iba iba ang bayad at mga ibinibigay na serbisyo, kaya hanapin ninyo ang nababagay sa inyo.

## 3-4 Mga Website para sa pag-aaral ng Japanese

Maaaring mag-aral ng Japanese sa website ng pag-aaral ng Japanese na **"Tsunagaru Hirogaru Nihongo deno Kurashi" (kilala bilang TSUNAHIRO)** ang mga dayuhang naninirahan sa Japan upang makapagcommunicate, mamuhay at iba pa gamit ang Japanese.

Maaaring piliin ang video at contents ng pag-aaral na nakascript ayon sa level ng Japanese na naaangkop sa sarili, sa mga eksenang gusto mong pag-aaralan at sa mga keyword. Palawagin natin ang koneksyon sa lipunan at ang pamumuhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng Japanese at aktwal na paggamit nito.

| | |
|---|---|
| ◯ **Suportadong Wika:** | Hapon, Ingles, Chinese (pinasimple), Chinese (Tradisyonal), Portuges, Espanyol, Vietnamese, Indonesian, Pilipino, Nepali, Khmer (Kambodian), Koreano, Thai, Myanmar, Mongolian, Ukrainian, Ruso (17 wika) |
| ◯ **Mga eksena ng pag-aaral:** | Mga eksena sa buhay tulad ng pagbati, pamimili, bangko, tren, tanggapan ng pamahalaan, pag-iwas sa kalamidad atbp. |

"Tsunagaru Hirogaru Nihon deno Kurashi"

https://tsunagarujp.bunka.go.jp/

# 3-5 Ang "Nihongo Check!," isang Japanese language self-assessment tool na nakabatay sa Reference Framework for Japanese Language Education

Ang online system na ito ay may self-assessment tool na naka-target sa mga nag-aaral ng wikang Japanese language sa Japan at iba pang bansa kung saan makakasagot ang user ng mga tanong mula sa "Can do" section na nagbibigay ng agarang assessment ng mga kasanayan niya sa wikang Japanese. Nakadisenyo ito para hikayatin ang indibidwal na pag-aaral batay sa mga resulta at tumulong na magtakda ng mga layunin para sa pag-aaral ng Japanese.

May anim na level (A1 hanggang C2) ang Reference Framework for Japanese Language Education at sumasaklaw sa limang gawaing pangwika, kabilang ang pakikinig, pagbasa, pagsasalita (interaksyon at pagpapahayag), at pagsulat. Maa-assess ng mga nag-aaral ng wikang Japanese ang kanilang sariling kahusayan sa pagsasagot ng mga tanong tungkol sa kanilang mga kakayahan sa wika sa isang apat na puntong sukatan tulad ng sumusunod: "1. Hindi ko kaya," "2. Halos hindi ko magawa," "3. Mahirap pero nagagawa ko naman," at "4. Kaya ko."

| | |
|---|---|
| ○ Mga suportadong wika: | 14 wika, kabilang ang Japanese.<br>Chinese, English, Filipino, Indonesian, Khmer, Korean, Mongolian, Burmese, Nepali, Portuguese, Spanish, Thai, Vietnamese, at Japanese (na may katumbas sa furigana). |

Alamin ang level mo sa sumusunod na page.

https://www.nihongo-check.bunka.go.jp/

